フィリピン語

# カイゴ ホケン

# KAIGO HOKEN

**Ang KAIGO HOKEN ay pampublikong sistema ng pagtutulungan para pamumuhay ng mga senior pagkatapos ng pagreretiro**



## Gaano mo alam ang KAIGO HOKEN (Public Long-term Care Insurance System)?

- ☐ Obligasyon ang pagpasok sa ***KAIGO HOKEN*** (*Public Long-term Care Insurance*) simula sa edad ng 40.
- ☐ Ang *nursing care service* ay maaring magamit simula ng edad ng 65 pataas.
  ※Kung sakaling nagkaroon ng sakit dahil sa katandaan maaring magamit ang sistema kahit na ang edad ay nasa 40 pataas.
  ※Ipapadala ng munisipyo ang ***KAIGO HOKEN HI-HOKEN SHA SHO*** (*Long-Term Care Insurance Card*) sa mga *senior* na nasa edad ng 65 pataas.
- ☐ Upang magamit ang *nursing care services*, kailangan ng ***YO KAIGO NO NINTEI*** (*Certification of long-term care need*), kapatunayan ng antas ng pangangailangan ng *nursing care*.
- ☐ Ang ***KAIGO HOKEN*** ay may mga iba't ibang services.
- ☐ Maaring pumili ng *nursing care services* depende sa medikal na kondisyon ng pangangailangan ng *senior*.



※Ang ***KAIGO HOKEN*** ay sistemang nasusuportahan dahil sa mga *insurance fee* na binabayad ng lahat ng mamamayanan.

TANUNGAN

PANGALAN:____________________ KONTAKAN:____________________

愛知県

# Paraan ng paggamit ng *KAIGO HOKEN*
# (*Long-term Nursing Insurance*)

## 1 【YO KAIGO NINTEI NO SHINSEI】

(Pag-aaply ng *Certification* ng *long-term care need*)

➡ Sa munisipyo mag-aaply ng *certification* ng *long-term need care.*



**Q** Bakit kailangan ng "*YO KAIGO NO NINTEI SHINSEI*"?

**A** Kapag matanggap ang *YO KAIGO NO NINTEI SHINSEI*, maaring magamit ang iba't ibang nursing services ng *KAIGO HOKEN*.

NOTE: Depende sa antas ng pangangailangan ng *nursing care*, maaring magbago ang matatanggap na *services* o binabayaran.

## 2 【YO KAIGO NINTEI NO CHOUSA】

(Pagsusuri para sa *Nursing Care Certification*)

➡ Pupunta sa inyo ang mga taga-munisipyo para magsuri



**Q** Ano ba ang *YO KAIGO NINTEI NO CHOUSA*?

**A** Pupunta sa bahay ninyo ang tagapagsuri ng *KAIGO NINTEI*、 at tatanungin ang kalagayan ng inyong katawan.

## 3 【YO KAIGO DO NO NINTEI】

(Pagpasiya ng antas ng pangangailangan ng *nursing care*)

➡ May darating na sulat ng resulta ng "*YO KAIGO DO*" galing sa munisipyo.

**Q** Ano ba ang *YO KAIGO DO*?

**A** Ito ay antas ng pangangailangan ng *nursing care*.



## 4 【Pagsimula ng pagtanggap ng *Nursing Care Service*】

Kapag alam na ang inyong *YO KAIGO DO* (antas ng pangangailangan ng *nursing care*), mangyaring kontakin at sabihin sa *Care Manager* ang inyong nais ng pangangailangan para magawa ang ***care plan***. Magsisimula ng *nursing care service* ayon sa napag-usapan na *care plan.*

(*Ang *care manager* ay isang expert na may kaalaman sa *nursing care*)

※Kapag ikaw ay nasabihan ng "**YO KAIGO**"(**kailangan ng nursing care**) mangyaring makipagkonsulta sa "**KYOTAKU KAIGO SHIEN JIGYOSHA**"(***nursing home***); Kapag ikaw naman ay nasabihan na "**YO SHIEN**"(**kailangan ng *assistance***) mangyaring makipagkonsulta sa "**CHIIKI HOUKATSU SHIEN SENTA**"(***local comprehensive support center***).




Ang pagsusuri ng kapatunayan ng aplikante ay nasa tatlong antas : "HIGAITO"(***not-applicable*; ibig sabihin walang pangangailangan ng tulong**), "YO SHIEN"(***in need of assistance/precautionary measures*; ibig sabihin may pangangailangan ng tulong**), at "YO KAIGO"(***in need of nursing care*; pangangailangan ng *nursing support***). Ang "YO KAIGO" ay may mga 1 hanggang 5 antas(*levels*), at ang "YO SHIEN" ay may mga 1 at 2 antas (*levels*). Magiging malaki ang pangangailangan ng *nursing care* depende sa kataasan ng numero ng antas .

## Mga *Services*

※May mga *services* na puwedeng makatira *sa Care Facility.*



Home-Visit Care (Home Help)

Day-Care Service (Day Service)

Day-Care Rehabilitation (Day Care)

Nursing equipment rental/ House Nursing Renovation

